Pangalan: Esmael Abdul Rashid
Paksa ng Khutbah: “Ang Pagpupunyagi sa Pagsasagawa ng Da’wah”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
February 2, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang buhay ay punung-puno ng hamon, at ang bawat hakbang ay nagdadala sa atin sa iba’t ibang direksyon. Ngunit, sa kabila ng mga ito, mayroon tayong isang tungkulin na mas mataas kaysa sa mga ibang makamundong mithiin upang magbigay ng liwanag ng pananampalataya sa ating kapwa. Ito ang Da’wah — ang panawagan patungo kay Allah.

Ang Da’wah ay hindi lamang para sa isang Da’iyah o mga Iskolar ng ating Relihiyon, ito ay isang tungkulin ng bawat Muslim. Ito ang dahilan kung bakit inutos ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na magpahayag ng mensahe mula sa kanya, kanyang sinabi:

"بَلِّغُوا عَنِّي وَلَوْ آيَةً." (رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ)

***“Ipahayag ninyo mula sa akin kahit isang talata.”*** (Inulat ni Al-Bukhari)

Ang bawat isa sa atin ay may kakayahang magbahagi ng mensahe ng Islam upang magdala ng liwanag sa puso ng iba gaano man ito kaliit.

Sa modernong panahon natin ngayon, ay parang napakahirap mag-Da’wah. Napapalibutan tayo ng teknolohiya at iba’t ibang ideolohiya na nagpapalayo sa tao

kay Allah. Ngunit hindi ba't ang hamong ito ay dapat magbigay ng inspirasyon sa atin na lalo pang magsikap? Ang mga Propeta ay naharap din sa mga pagsubok na mas malala pa kaysa sa atin. Si Propeta Ibrahim ay itinapon sa apoy, si Propeta Musa ay hinarap si Firaun, at si Propeta Muhammad ay pinagbantaan ng kanyang sariling mga kababayan — (sumakanila ang pagpapala at kapayapaan ni Allah). Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, nagpatuloy sila sa kanilang misyon.

Ang mga Propeta ('alayhimus salam) ay nagsikap sa pagpapalaganap ng Relihiyon ni Allah. Sila ay binigyan ng tungkulin na manawagan sa sangkatauhan patungo sa ating Tagapaglikha. Dahil dito, sila ay kinalugdan ni Allah at nagkamit ng mataas na gantimpala sa kabilang-buhay. Si Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay isinugo hindi lamang para sa isang nasyon, kundi para sa lahat ng bansa hanggang sa katapusan ng Mundo. Bagama't siya ay pumanaw na, ay walang ibang Propeta ang darating pa pagkatapos niya.

Sinabi ni Allah:

﴿ وَالَّذِينَ جَاهَدُوا فِينَا لَنَهْدِيَنَّهُمْ سُبُلَنَا ۚ وَإِنَّ اللَّهَ لَمَعَ الْمُحْسِنِينَ ﴾ العنكبوت: 69

***"At sila na nagpupunyagi sa Aming kapakanan, katiyakang sila ay gagabayan Namin tungo sa Aming Landas, sapagkat katotohanang si Allah ay kasama ng mga gumagawa ng kabutihan at katuwiran."*** (Al-'Ankabut: 69)

Tulad ng mga Propeta ('alayhimus salam), ang mga taong nagsusumikap para kay Allah ay tunay na Kanyang ginagabayan. Ang nagsasakripisyo sa Landas ni Allah ay magkakaroon ng matibay na Iman (pananampalataya) kay Allah. Ito ay magdudulot ng pamumuhay na sumusunod sa Sunnah ng Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam), pagkakaroon ng magandang pag-uugali, at pagkakamit ng tagumpay at kasiyahan ni Allah. Subalit, mga kapatid, tunay nga ba tayong nagsusumikap para kay Allah? Ang ating mga oras ba ay nauukol sa Kanyang kapakanan o nauubos lamang sa mga bagay na pansamantala? Ito ang panahon upang magising ang ating mga puso, sapagkat ang tunay na tagumpay ay wala sa kayamanan, karangyaan, o kapangyarihan sa Mundo. Ang tunay na tagumpay ng tao ay ang mapasakanya ang Mensahe ng kanyang Tagapaglikha na si Allah sapagkat ito ay magbibigay-gabay sa kanya ng landas patungo sa Paraiso. Naiisip ba natin ang misyon na magbibigay ng tagumpay sa iba? Naibibigay ba natin sa iba ang ilan sa ating mga oras upang ipaabot ang Mensahe ng Landas sa Paraiso?

Mga kapatid, magbigay tayo ng tagumpay sa iba, iparating natin sa kanila ang Mensahe ng Islam. Ang pagsusumikap sa Da'wah ay hindi lamang nagbibigay ng gantimpala sa kabilang-buhay, kundi nagbibigay rin ng kasiyahan sa ating mga

puso. Ang bawat kaluluwang napalapit kay Allah dahil sa ating panawagan ay isang kaligayahan na hindi matutumbasan.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ للهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga minamahal kong kapatid sa Islam, nawa'y ang narinig nating mensahe sa araw na ito ay magsilbing paalala sa atin na ang ating mga pagsusumikap sa landas ni Allah ay hindi kailanman masasayang. Sa tuwing tayo ay naglalaan ng oras, lakas, at sakripisyo para sa Kanyang Relihiyon, tayo ay hindi lamang nagiging bahagi ng isang dakilang tungkulin na ito kundi tayo rin ay ginagabayan Niya patungo sa tamang landas.

Mga kapatid, isang napakalaking karangalan na tayo ay napabilang sa Ummah ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam). Ito ay ipinahayag ni Allah sa Qur-an:

﴿ كُنتُمْ خَيْرَ أُمَّةٍ أُخْرِجَتْ لِلنَّاسِ تَأْمُرُونَ بِالْمَعْرُوفِ وَتَنْهَوْنَ عَنِ الْمُنكَرِ وَتُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ ﴾
آل عمران: 110

***"Kayo ang pinakamainam sa lahat ng mga tao na nilikha sa lipon ng sangkatauhan; kayo ay nagtatagubilin ng mabuti, nagbabawal sa kasamaan, at kayo ay sumasampalataya kay Allah."*** (Alo 'Imran: 110)

Ang ating pagiging kabilang sa Ummah na ito ay isang biyaya na dapat nating pangalagaan. Ang pagiging "pinakamainam sa lahat ng mga tao" ay may kalakip na responsibilidad na ipahayag ang mensahe ng Islam, ang tamang landas na magdadala sa tao sa kaligtasan. Huwag nating sayangin ang pagkakataong ito sa pagkakabahala lamang sa mga makamundong layunin. Ang ating pananampalataya ay nangangailangan ng ating pagkilos at pakikilahok sa

pagpapalaganap ng mabuti, pagtuturo sa iba ng kaalaman tungkol kay Allah, at pagpapaalala sa kahalagahan ng Taqwa.

Sa panahon ngayon, maraming tao ang naliligaw ng landas at naghahanap ng kahulugan sa kanilang buhay. Tayo ang tinawag ni Allah upang maging liwanag sa kanilang kadiliman. Sa pamamagitan ng ating mabubuting halimbawa, makikita nila ang kagandahan ng Islam. Ipagpatuloy natin ang pagiging huwaran sa ating pamilya, kapit-bahay, at komunidad. Ipakita natin na ang Islam ay Relihiyon ng kapayapaan, pagkakaisa, at pagmamahal. Ang ating mga salita at gawa ay nararapat na magsilbing paanyaya sa Islam, hindi lamang sa pamamagitan ng direktang Da'wah kundi sa pamamagitan ng ating pagpapakita ng magandang ugali at pagiging mapagmalasakit sa kapwa.

At sa pagtatapos ng mensaheng ito mga kapatid, huwag nating kalimutan sa Mundong ito na hanapin ang kaluguran ni Allah at maging ilaw para sa iba. Ang ating pagsusumikap sa Kanyang landas ay isang biyayang nagdadala ng kapayapaan at tagumpay. Nawa'y maging tagapagpaalala tayo ng kabutihan at mag-anyaya patungo sa landas ng Islam, sa salita man o sa gawa. Ipanalangin natin ang patnubay at awa ni Allah para sa atin at sa buong sangkatauhan. Nawa'y tanggapin ni Allah ang ating mga pagsusumikap, at tayo'y Kanyang patawarin sa mga kasalanan, at patuloy na gabayan sa tamang landas — sa tuwid na Landas ng Tagumpay. Allahumma Ameen.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***